



# Pag-unawa sa Mga Benepisyo

## Ano ang nasa loob

Social Security: isang simpleng konsepto	1
Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Social Security habang nagtatrabaho kayo	3
Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyo	5
Mga benepisyo para sa inyong pamilya	8
Kapag handa na kayong mag-apply para sa mga benepisyo	9
Programang ng Supplemental Security Income (SSI)	11
Karapatang mag-apela	11
Online na “my Social Security” account	11
Medicare	11
Ilang impormasyon tungkol sa Social Security	14
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	15

## Social Security: isang simpleng konsepto

Naaabot ng Social Security ang halos lahat ng pamilya, at sa ilang pagkakataon, naiimpluwensiyahan nito sa mabuting paraan ang mga buhay ng halos lahat ng Amerikano.

Natutulungan ng Social Security ang mga nakatatandang Amerikano, manggagawang nagkaroon ng kapansanan, at pamilyang

namatayan ng asawa o magulang. Noong 2017, humigit-kumulang 173 milyong tao ang nagtrabaho at nagbayad ng mga buwis sa Social Security at humigit-kumulang 62 milyong tao ang nakatanggap ng mga buwanang benepisyo mula sa Social Security.

Karamihan sa aming mga benepisyaryo ay mga retirado at ang kanilang mga pamilya— humigit-kumulang 45 milyong tao noong Disyembre 2017.

Ngunit hindi kailanman nilayon ang Social Security na maging tanging pinagmumulan ng kita para sa mga tao kapag nagretiro sila. May napapalitan ang Social Security na porsyento ng kita ng isang manggagawa bago magretiro batay sa inyong kita sa tanang buhay ninyo. Ang halaga ng inyong average na sweldo na pinapalitan ng mga benepisyo para sa retirado ng Social Security ay iba't iba depende sa inyong mga kita at kung kailan ninyo pipiliing simulan ang mga benepisyo. Kung sisimulan ninyo ang mga benepisyo habang 67 taong gulang, umaabot ang porsyentong ito nang hanggang 75 porsyento para sa mga napakababa ang kita, hanggang humigit-kumulang 40 porsyento para sa mga katamtaman ang kita, hanggang humigit-kumulang 27 porsyento para sa matataas ang kita. Kung sisimulan ninyo ang mga benepisyo pagkatapos ng 67 taong gulang, magiging mas mataas ang mga porsyentong ito. Kung sisimulan ninyo ang mga benepisyo nang mas maaga, magiging mas mababa ang mga porsyentong ito. Sinasabi ng karamihan sa mga pinansyal na tagapayo na mangangailangan kayo ng humigit-kumulang 70 porsyento ng kita bago magretiro para mabuhay nang maginhawa habang nagreretiro, kabilang ang inyong mga benepisyo mula sa Social Security, pamumuhunan, at personal na savings.

Gusto naming ipaunawa sa inyo kung ano ang maaaring maging halaga ng Social Security para sa pinansyal na hinaharap ninyo at ng inyong pamilya. Ipinapaliwanag ng publication na ito, *Understanding the Benefits*, ang mga batayang kaalaman tungkol sa mga programa para sa pagreretiro, kapansanan, at insurance para sa mga namatayan ng Social Security.

Ganito gumagana ang kasalukuyang system ng Social Security: kapag nagtatrabaho kayo, nagbabayad kayo ng buwis sa Social Security. Ginagamit namin ang buwis para magbayad ng mga benepisyo para sa:

- Mga taong nagretiro na;
- Mga taong may kapansanan;

- Mga namatayan ng kapamilyang manggagawa; at
- Mga dependent ng mga benepisyaryo.

Ang perang ibinabayad ninyo sa buwis ay hindi iniipon sa isang personal na account upang magamit ninyo kapag kumukuha kayo ng mga benepisyo. Ginagamit namin ang inyong mga buwis upang bayaran ang mga taong nakakatanggap na ng mga benepisyo. Napupunta ang anumang hindi nagamit na pera sa mga trust fund ng Social Security, hindi sa isang personal na account na nakapangalan sa inyo.

### **Ang Social Security ay hindi lang para sa pagreretiro**

Iniiisip ng maraming tao na isa lang programa para sa pagreretiro ang Social Security. Karamihan sa mga taong nakakatanggap ng mga benepisyo ay retirado, ngunit nakakatanggap ng mga benepisyo ang ibang tao dahil sila ay:

- May kapansanan;
- Asawa o anak ng isang taong nakakatanggap ng mga benepisyo;
- Diborsyadong asawa ng isang taong nakakatanggap ng Social Security o kwalipikado rito;
- Asawa o anak ng isang namatay na manggagawa;
- Diborsyadong asawa ng isang namatay na manggagawa; o
- Isang dependent na magulang ng isang namatay na manggagawa.

Depende sa inyong mga sitwasyon, maaaring kwalipikado kayo para sa Social Security sa anumang edad. Sa katunayan, nagbabayad ang Social Security ng mas maraming benepisyo sa mga anak kaysa anumang iba pang programa ng pamahalaan.

## Ang inyong mga buwis sa Social Security

Ginagamit namin ang mga buwis sa Social Security na ibinabayad ninyo at ng iba pang manggagawa sa system upang magbayad ng mga benepisyo mula sa Social Security.

Nagbabayad kayo ng mga buwis sa Social Security batay sa inyong mga kita, hanggang sa isang partikular na halaga. Sa 2018, ang halagang iyon ay \$128,400.

## Mga buwis sa Medicare

Nagbabayad kayo ng mga buwis sa Medicare sa lahat ng inyong sweldo o net na mga kita mula sa pagiging self-employed. Ang mga buwis na ito ay para sa pagsaklaw ng Medicare.

Kung nagtatrabaho kayo para sa ibang tao	Buwis sa Social Security	Buwis sa Medicare
Nagbabayad kayo ng	6.2%	1.45%
Nagbabayad ang inyong employer ng	6.2%	1.45%
Kung kayo ay self-employed		
Nagbabayad kayo ng	12.4%	2.9%

## Karagdagang buwis sa Medicare

Nagbabayad ang mga manggagawa ng karagdagang 0.9 porsyento ng buwis sa Medicare sa kitang humihigit sa ilang partikular na limitasyon. Ipinapakita ng sumusunod na chart ang mga halaga ng limitasyon batay sa status ng paghahain ng buwis:

Status ng Paghahain	Halaga ng Limitasyon
Kasal na magkasamang naghahain	\$250,000
Kasal na magkahiwalay na naghahain	\$125,000
Hindi Kasal	\$200,000
Pinuno ng sambahayan (na may kwalipikadong indibidwal)	\$200,000
Kwalipikadong biyuda o biyudo na may dependent na anak	\$200,000

## Saan napupunta ang inyong mga dolyar ng buwis sa Social Security

Sa 2018, kapag magtatrabaho kayo, mapupunta ang 81 sentimo ng bawat dolyar ng buwis sa Social Security na ibinabayad ninyo sa isang trust fund na nagbabayad ng mga buwanang benepisyo sa mga kasalukuyang retirado at kanilang mga pamilya at sa mga asawa at anak ng mga manggagawang namatay na. Mapupunta ang natitirang 19 na sentimo sa isang trust fund na nagbabayad ng mga benepisyo sa mga taong may mga kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Mula sa mga trust fund na ito, binabayaran din ng Social Security ang mga gastusin sa pamamahala sa mga programa ng Social Security. Ang Social Security Administration ang isa sa mga pinakamahusay na ahensya sa pederal na pamahalaan, at nagsisikap kaming higit pa itong pahasayin araw-araw. Sa bawat dolyar ng buwis sa Social Security na inyong ibinabayad, gumagastos kami ng wala pang isang sentimo upang pamahalaan ang programa.

Napupunta ang buong halaga ng mga buwis sa Medicare na inyong ibinabayad sa isang trust fund na binabayaran ang ilan sa mga gastusin ng pangangalaga sa ospital at nauugnay na pangangalaga para sa lahat ng benepisyaryo ng Medicare. Pinapamahalaan ng The Centers for Medicare & Medicaid Services, at hindi ng Social Security Administration, ang Medicare.

## Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa Social Security habang nagtatrabaho kayo

### Ang inyong Social Security number

Nauugnay kayo sa Social Security gamit ang inyong Social Security number. Kailangan ninyo ito para magkaroon ng trabaho at makapagbayad ng mga buwis. Ginagamit namin ang inyong Social Security number upang subaybayan ang inyong mga kita

habang nagtatrabaho kayo at ang inyong mga benepisyo pagkatapos ninyong kumuha ng Social Security.

Huwag dalhin ang inyong Social Security card. Dapat kayong maging maingat tungkol sa pagbigay ng inyong Social Security number sa ibang tao. Ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan ang isa sa mga krimeng pinakamabilis na lumalaganap sa kasalukuyan. Kadalasan, ginagamit ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang inyong Social Security number at ang inyong magandang credit upang mag-apply para sa mas malaking credit na nakapangalan sa inyo. Pagkatapos, gagamitin nila ang mga credit card at hindi nila babayaran ang mga bayarin.

Ang inyong Social Security number at ang aming mga tala ay kumpidensyal. Kung may ibang tao na hihingi sa amin ng impormasyong hawak namin tungkol sa inyo, hindi kami magbibigay ng anumang impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo, maliban na lang kung iniaatas o pinahihintulutan ito ng batas.

Makipag-ugnayan sa amin kung kailangan ninyo ng Social Security number, kung mawawala ninyo ang inyong card at mangangailangan kayo ng kapalit, o kung kailangan ninyong palitan ang inyong pangalan sa inyong kasalukuyang card. Hihilingin namin sa inyong kumpletuhin ang isang simpleng application at hihilingin naming makita ang ilang partikular na dokumento. Kailangan naming makita ang mga orihinal o kopyang nasertipikahan ng nag-isyung tanggapan. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o naipanotaryong kopya ng mga dokumento.

Upang makakuha ng Social Security number o kapalit na card, kailangan ninyong patunayan ang inyong pagiging mamamayan ng U.S. o status sa imigrasyon, edad, at pagkakakilanlan. Hindi namin kailangan ng patunay ng inyong pagiging mamamayan ng U.S. at edad para sa isang kapalit na card kung nasa mga tala na namin ang mga iyon. Tumatanggap lang kami ng ilang partikular na dokumento bilang patunay

ng pagiging mamamayan ng U.S. Kabilang dito ang inyong U.S. birth certificate, U.S. passport, Certificate of Naturalization, o Certificate of Citizenship. Kung hindi kayo mamamayan ng U.S., kailangan naming makita ang inyong dokumento ng imigrasyon na pinapatunayan ang inyong awtorisasyon sa trabaho. Kung wala kayong awtorisasyon sa trabaho, ibang mga panuntunan ang umiiral.

Para sa patunay ng pagkakakilanlan, tumatanggap kami ng mga napapanahong dokumentong ipinapakita ang inyong pangalan, impormasyon ng pagkakakilanlan, at isang kamakailang larawan kung mayroon, tulad ng lisensya sa pagmamaneho o iba pang card ng pagkakakilanlan na inisyu ng estado, o isang U.S. passport.

Para mag-apply upang palitan ang pangalan sa inyong Social Security card, kailangan ninyong magpakita ng dokumentong nailathala kamakailan na pinapatunayang legal na napalitan ang inyong pangalan.

Tiyaking ingatan ang inyong Social Security card. Nililimitahan namin ang bilang ng mga kapalit na card na makukuha ninyo sa tatlo bawat taon at 10 sa inyong tanang buhay. Hindi ibinibilang ang mga pagpapalit ng legal na pangalan at iba pang pagbubukod sa mga limitasyong ito. Halimbawa, ang mga pagbabago sa noncitizen status na nangangailangan ng mga update sa card ay maaaring hindi ibilang sa mga limitasyong ito. Maaaring hindi umiral ang mga limitasyong ito kung mapapatunayan ninyong kailangan ninyo ang card upang mapigilan ang isang malubhang paghihirap.

Para sa higit pang impormasyon, basahin ang *Your Social Security Number and Card* (Publication No. 0510002-TL). Kung hindi kayo mamamayan, basahin ang *Social Security Numbers for Noncitizens* (Publication No. 05-10096-TL).

Libre ang lahat ng aming serbisyo sa card. Hindi kailanman naniningil ang Social Security para sa mga serbisyo sa card na ibinibigay namin.

## Paano kayo magiging kwalipikado para sa Social Security

Habang nagtatrabaho kayo at nagbabayad ng mga buwis, nakakaipon kayo ng mga Social Security “credit.” Sa 2018, makakatanggap kayo ng isang credit para sa bawat \$1,320 na kita—hanggang sa maximum na apat na credit bawat taon. Kadalasang tumataas bawat taon ang halaga ng perang kinakailangan upang makatanggap ng isang credit.

Karamihan ng mga tao ay nangangailangan ng 40 credit (10 taon ng pagtatrabaho) para maging kwalipikado sa mga benepisyo. Nangangailangan ang mga mas batang indibidwal ng mas kaunting credit para maging kwalipikado sila sa mga benepisyo para sa may kapansanan o para maging kwalipikado ang kanilang mga kapamilya sa mga benepisyo para sa mga namatayan kapag namatay ang manggagawa.

## Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa mga benepisyo

Napapalitan lang ng mga benepisyo mula sa Social Security ang ilan sa inyong mga kita kapag kayo ay nagretiro, nagkaroon ng kapansanan, o namatay. Ibinabatay namin ang pagbabayad ng inyong benepisyo sa kung gaano karami ang inyong kinita habang nagtatrabaho kayo. Nagresulta ang mas malalaking kita sa tanang buhay sa mas matataas na benepisyo. Kung nagkaroon ng ilang taon kung kailan hindi kayo nagtrabaho, o mababa ang mga kita ninyo, maaaring mas mababa ang halaga ng inyong benepisyo kaysa kung nagtrabaho kayo nang tuluy-tuloy.

## Mga benepisyo para sa retirado

Ang pagpili kung kailan kayo magreretiro ang isa sa mga pinakamahalagang desisyong gagawin ninyo sa inyong tanang buhay. Kung pipiliin ninyong magretiro kapag naabot na ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro, matatanggap ninyo ang buong halaga ng inyong benepisyo.

Babawasan namin ang halaga ng inyong benepisyo kung magreretiro kayo bago maabot ang edad ng ganap na pagreretiro.

## Edad ng ganap na pagreretiro

Kung ipinanganak kayo mula 1943 hanggang 1960, ang edad kung kailan ibinabayad ang mga benepisyo para sa ganap na pagreretiro ay unti-unting lumalaki hanggang 67 taong gulang. Sa 2018, kung ang taon ng inyong kapanganakan ay 1951 o mas maaga, kwalipikado na kayo para sa inyong kumpletong benepisyo mula sa Social Security. Gamitin ang sumusunod na chart upang alamin ang inyong edad ng ganap na pagreretiro.

Taon ng kapanganakan	Edad ng ganap na pagreretiro
1943-1954	66
1955	66 na taon at 2 buwan
1956	66 na taon at 4 buwan
1957	66 na taon at 6 buwan
1958	66 na taon at 8 buwan
1959	66 na taon at 10 buwan
1960 o mas huli	67

**TANDAAN:** Bagama’t tumataas ang edad ng ganap na pagreretiro, dapat pa rin kayong mag-apply para sa mga benepisyo mula sa Medicare tatlong buwan bago ang inyong ika-65 kaarawan. Kung maghihintay kayo nang mas matagal, maaaring maging mas mahal ang inyong medikal na insurance (Part B) at pagsaklaw sa inireresetang gamot (Part D) ng Medicare.

## Inantalang pagreretiro

Kung pipiliin ninyong iantala ang pagtanggap sa mga benepisyo lampas sa inyong edad ng ganap na pagreretiro, papataasin namin ang inyong benepisyo nang ilang partikular na porsyento, depende sa taon ng inyong kapanganakan. Awtomatiko naming idaragdag ang pagpapataas bawat buwan mula sa

panahong maaabot ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro, hanggang simulan ninyong kunin ang mga benepisyo o maabot ninyo ang 70 taong gulang, alinman ang mauuna. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga inantalang credit sa pagreretiro, pumunta sa [www.socialsecurity.gov/planners/retire/delayret.html](http://www.socialsecurity.gov/planners/retire/delayret.html).

### **Maagang pagreretiro**

Maaari kayong magsimulang tumanggap ng mga benepisyo nang maaga sa edad na 62. Babawasan namin ang inyong mga benepisyo kung magsisimula kayo nang maaga nang humigit-kumulang kalahati ng isang porsyento para sa bawat buwang magsisimula kayong tumanggap ng mga benepisyo bago ang edad ng inyong ganap na pagreretiro. Halimbawa, kung ang edad ng inyong ganap na pagreretiro ay 66 na taon at 4 na buwan, at magsa-sign up kayo para sa Social Security habang 62 taong gulang kayo, matatanggap lang ninyo ang 73.3 porsyento ng inyong buong benepisyo.

**TANDAAN:** *Magiging mas malaki ang ibabawas sa mga taon sa hinaharap habang nadaragdagan ang edad ng ganap na pagreretiro.*

### **Kung nagtatrabaho kayo at nakakakuha kayo ng mga benepisyo**

Maaari kayong magpatuloy sa inyong trabaho at makatanggap pa rin ng mga benepisyo para sa retirado. Ang inyong mga kita sa (o pagkatapos ng) buwan kung kailan ninyo naabot ang edad ng ganap na pagreretiro ay hindi makakabawas sa inyong mga benepisyo mula sa Social Security. Sa katunayan, maaaring mapataas ng pagtatrabaho nang lampas sa edad ng ganap na pagreretiro ang inyong mga benepisyo. Gayunpaman, kakailanganin naming bawasan ang inyong mga benepisyo kung lalagpas sa mga partikular na limitasyon ang inyong mga kita para sa mga buwan bago ninyo naabot ang edad ng ganap na pagreretiro.

Kung nagtatrabaho kayo, ngunit magsisimula kayong tumanggap ng mga benepisyo bago ang edad ng ganap na pagreretiro, magbabawas kami ng isang dolyar sa mga benepisyo para sa bawat dalawang dolyar na kikitain ninyo nang sobra sa taunang limitasyon. Sa 2018, ang limitasyon ay \$17,040.

Sa taong maabot ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro, babawasan namin ang inyong mga benepisyo nang isang dolyar para sa bawat tatlong dolyar na kikitain ninyo sa ibang taunang limitasyon (\$45,360 sa 2018) hanggang sa maabot ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro.

Kapag naabot na ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro, maaari kayong patuloy na magtatrabaho, at hindi namin babawasan ang inyong benepisyo mula sa Social Security, gaano man kalaki ang inyong kikitain.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano naapektuhan ng trabaho ang inyong mga benepisyo, basahin ang *How Work Affects Your Benefits* (Publication No. 05-10069-TL).

**TANDAAN:** *Ang mga taong nagtatrabaho at nakakatanggap ng mga pagbabayad para sa kapansanan o Supplemental Security Income ay may ibang mga panuntunan sa mga kita. Kailangan nilang iulat kaagad ang lahat ng kanilang kita sa Social Security gaano man kalaki ang kanilang kinikita.*

### **Mga benepisyo para sa retirado para sa mga biyuda at biyudo**

Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo para sa biyuda o biyudo, maaari kayong lumipat sa inyong sariling mga benepisyo para sa retirado nang maaga sa edad na 62, kung ipapalagay na mas malaki ang inyong benepisyo para sa retirado kaysa sa halagang natatanggap ninyo mula sa mga kita ng inyong namatay na asawa. Kadalasan, maaari kayong magsimulang tumanggap ng isang benepisyo sa rate na may bawas at pagkatapos ay lumipat sa isa pang benepisyo sa buong rate kapag naabot na ninyo ang edad ng ganap na pagreretiro. Kumplikado

ang mga panuntunan at nagbabago ang mga ito depende sa inyong sitwasyon, kaya makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga pamimiliang mayroon kayo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa mga retirado, basahin ang *Retirement Benefits* (Publication No. 05-10035-TL).

### **Mga benepisyo para sa may kapansanan**

Kung hindi kayo makakapagtrabaho dahil sa isang kundisyon sa pisikal na pangangatawan o pag-iisip na inaasahang tatagal nang hindi bababa sa isang taon o magresulta sa pagkamatay, maaaring kwalipikado kayo para sa mga benepisyo para sa may kapansanan ng Social Security.

Naiiba ang aming mga panuntunan sa kapansanan sa mga pribadong plano o iba pang plano ng ahensya ng pamahalaan. Ang pagiging kwalipikado para sa kapansanan mula sa ibang ahensya o programa ay hindi nangangahulugang magiging kwalipikado rin kayo para sa mga benepisyo para sa may kapansanan mula sa amin. Ang pagkakaroon ng pahayag mula sa inyong doktor na nagsasabing mayroon kayong kapansanan ay hindi nangangahulugang awtomatiko kayong magiging kwalipikado para sa mga benepisyo para sa may kapansanan ng Social Security. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa may kapansanan ng Social Security, basahin ang *Disability Benefits* (Publication No. 05-10029-TL). Maaari kayong mag-apply para sa mga benepisyo para sa may kapansanan ng Social Security sa aming website sa [www.socialsecurity.gov/benefits](http://www.socialsecurity.gov/benefits).

Ang mga tao, kabilang ang mga bata, na may maliit na kita at kaunting mapagkukunan, at may kapansanan, ay maaaring kwalipikado para sa mga pagbabayad para sa kapansanan sa pamamagitan ng programa na Supplemental Security Income (SSI). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa SSI, basahin ang *Supplemental Security Income (SSI)* (Publication No. 05-11000-TL).

Kung magkakaroon kayo ng kapansanan, mag-apply para sa mga benepisyo para sa may kapansanan sa lalong madaling panahon, dahil kadalasang umaabot nang maraming buwan bago maproseso ang isang claim para sa kapansanan. Maaaring maiproseso namin nang mas mabilis ang inyong claim kung dala ninyo ang mga sumusunod kapag nag-apply kayo:

- Mga medikal na tala at petsa ng paggamot mula sa inyong mga doktor, therapist, ospital, klinika, at caseworker;
- Ang inyong mga resulta sa laboratoryo at iba pang pagsusuri;
- Ang mga pangalan, address, numero ng telepono, at fax ng inyong mga doktor, klinika, at ospital;
- Ang mga pangalan ng lahat ng gamot na inyong ginagamit; at
- Ang mga pangalan ng inyong mga employer at gawain sa trabaho sa loob ng huling 15 taon.

### **Maaaring mapatawan ng buwis ang inyong mga benepisyo**

Kakailanganin ng ilang taong tumatanggap ng Social Security na magbayad ng mga buwis sa kanilang mga benepisyo. Humigit-kumulang 40 porsyento ng aming mga kasalukuyang benepisyaryo ang nagbabayad ng mga buwis sa kanilang mga benepisyo.

Maaaring kailanganin ninyong magbayad ng mga buwis sa inyong mga benepisyo kung maghahain kayo ng pederal na tax return bilang isang “indibidwal” at ang inyong kabuuang kita ay mahigit sa \$25,000. Kung maghahain kayo ng joint return, maaaring kailanganin ninyong magbayad ng mga buwis kung ang kabuuang kita ninyo at ng inyong asawa ay mahigit sa \$32,000. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa toll-free na numero ng Internal Revenue Service, **1-800-829-3676**.

## Mga benepisyo para sa inyong pamilya

Kapag nagsimula kayong tumanggap ng mga benepisyo para sa retirado o may kapansanan ng Social Security, maaaring kwalipikado rin ang iba pang kapamilya para sa mga pagbabayad. Halimbawa, maaaring ibayad ang mga benepisyo sa inyong asawa:

- Kung siya ay 62 taong gulang o mas matanda; o
- Anuman ang kaniyang edad kung inaalagaan niya ang inyong anak (ang anak ay dapat mas bata sa 16 na taong gulang o may kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo mula sa Social Security sa inyong tala).

Maaari ding ibayad ang mga benepisyo sa inyong mga hindi kasal na anak kung sila ay:

- Wala pang 18 taong gulang;
- Mula 18 hanggang 19 taong gulang, ngunit mga full-time na mag-aaral sa elementarya o high school; o
- 18 taong gulang o mas matanda at may kapansanan (dapat nagsimula na ang kapansanan bago mag-22 taong gulang).

Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, maaari din kaming magbayad ng mga benepisyo sa isang stepchild, apo, step-grandchild, o ampon. Kung magkaroon kayo ng anak pagkatapos ninyong magsimulang makatanggap ng mga benepisyo, ipaalam sa amin ang tungkol sa bata, upang mapagpasyahan namin kung kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ang bata.

### **Magkano ang maaaring matanggap ng mga kapamilya?**

Maaaring kwalipikado ang bawat kapamilya para sa buwanang benepisyo na hanggang kalahati ng halaga ng benepisyo para sa retirado o may kapansanan. Gayunpaman, mayroong limitasyon sa kabuuang halaga ng pera na maaaring ibayad sa inyo at sa inyong pamilya. Magkakaiba ang limitasyon, ngunit karaniwang

katumbas ito ng humigit-kumulang 150 hanggang 180 porsyento ng inyong benepisyo para sa retirado o may kapansanan.

### **Kung kayo ay diborsyado**

Kung kayo ay diborsyado, maaaring kwalipikado ang inyong dating asawa para sa mga benepisyo sa inyong mga kita. Sa ilang sitwasyon, maaari siyang makatanggap ng mga benepisyo kahit hindi ninyo natatanggap ang mga ito. Upang maging kwalipikado, ang isang diborsyadong asawa ay dapat:

- Naikasal sa inyo sa loob ng hindi bababa sa 10 taon;
- Diborsyado nang hindi bababa sa dalawang taon sa mga pagkakataon kung kailan hindi kayo nag-apply para sa mga benepisyo;
- 62 taong gulang o mas matanda;
- Walang asawa; at
- Depende sa mga sitwasyon, walang karapatan o hindi kwalipikado para sa isang benepisyo para sa kaniyang sarili na katumbas o mas mataas sa kalahati ng buong halaga sa inyong tala.

### **Mga benepisyo ng namatayan**

Kapag namatay kayo, maaaring maging kwalipikado ang inyong pamilya para sa mga benepisyo batay sa inyong trabaho.

Kabilang sa mga kapamilyang maaaring tumanggap ng mga benepisyo ang mga biyuda o biyudo na:

- 60 taong gulang o mas matanda; o
- 50 taong gulang o mas matanda at may kapansanan; o
- Anuman ang edad kung inaalagaan niya ang inyong anak na mas bata sa 16 na taong gulang o may kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo mula sa Social Security sa inyong tala.

Maaari ding tumanggap ng mga benepisyo ang inyong mga anak kung sila ay hindi kasal at:

- Mas bata sa 18 taong gulang; o



- Mula 18 hanggang 19 taong gulang, ngunit mga full-time na mag-aaral sa elementarya o high school; o
- 18 taong gulang o mas matanda at may kapansanan (dapat nagsimula na ang kapansanan bago mag-22 taong gulang).

Dagdag pa rito, maaaring tumanggap ang inyong mga magulang sa mga kita ninyo kung dependent sila sa inyo sa hindi bababa sa kalahati ng kanilang suporta.

### **Minsanang pagbabayad pagkatapos ng pagkamatay**

Kung mayroon kayong sapat na credit, maaari ding may ibayad na \$255 nang minsanan pagkatapos ng inyong pagkamatay. Maaaring ibayad ang benepisyong ito sa inyong asawa o mga menor de edad na anak kung nakakatugon sila sa ilang partikular na kinakailangan.

### **Kung kayo ay diborsyado at may buhay pang dating asawa**

Kung kayo ay diborsyado, maaaring kwalipikado ang inyong dating asawa para sa mga benepisyo para sa namatayan batay sa inyong mga kita sa panahong mamamatay kayo. Sila ay dapat:

- 60 taong gulang o mas matanda (o 50 taong gulang kung may kapansanan) at naikasal sa inyo sa loob ng hindi bababa sa 10 taon; o
- Maging anumang edad kung inaalagaan niya ang isang anak na kwalipikado para sa mga benepisyo batay sa inyong mga kita; at
- Walang karapatan sa isang benepisyo batay sa kaniyang sariling trabaho na katumbas o mas mataas sa buong halaga ng insurance sa inyong tala; at
- Walang kasalukuyang asawa, maliban na lang kung magaganap ang muling pagpapakasal pagkatapos ng 60 taong gulang o pagkatapos ng 50 taong gulang kung may kapansanan.

Hindi makakaapekto ang mga benepisyong ibinabayad sa isang dating asawa sa mga rate ng benepisyo para sa iba pang namatayang tumatanggap ng mga benepisyo sa tala ng inyong mga kita.

**TANDAAN:** *Kung mamamatay kayo at muling magpapakasal ang inyong dating asawa pagkatapos ng 60 taong gulang, maaari siyang maging kwalipikado para sa mga benepisyo mula sa Social Security batay sa inyong trabaho o sa trabaho ng kaniyang bagong asawa, alinman ang mas mataas.*

### **Magkano ang matatanggap ng inyong mga mauulila?**

May matatanggap ang mga mauulila ninyo na porsyento ng inyong batayang benepisyo mula sa Social Security — kadalasang nasa 75 hanggang 100 porsyento para sa bawat isa. Gayunpaman, mayroong limitasyon sa halaga ng pera na maaaring ibayad sa isang kapamilya bawat buwan. Magkakaiba ang limitasyon, ngunit karaniwang katumbas ito ng humigit-kumulang 150 hanggang 180 porsyento ng rate ng inyong benepisyo.

### **Kapag handa na kayong mag-apply para sa mga benepisyo**

Dapat kayong mag-apply para sa mga benepisyo nang humigit-kumulang apat na buwan bago ang petsa kung kailan ninyo gustong magsimula ang inyong mga benepisyo. Kung hindi pa kayo handang magretiro, ngunit pinag-iisipan ninyong gawin ito sa kalaunan, dapat ninyong bisitahin ang aming website upang magamit ang aming impormatibong planner sa pagreretiro sa **[www.socialsecurity.gov/benefits](http://www.socialsecurity.gov/benefits)**. Upang mag-apply para sa mga benepisyo para sa may kapansanan o namatayan, dapat kayong mag-apply sa lalong madaling panahon kapag naging kwalipikado kayo.

Maaari kayong mag-apply para sa mga benepisyo sa aming website sa **[www.socialsecurity.gov/applyforbenefits](http://www.socialsecurity.gov/applyforbenefits)**.

Maaari kayong makakuha ng mabilis at madaling pagtatantya sa benepisyo batay sa inyong tala ng mga kita sa Social Security sa [www.socialsecurity.gov/estimator](http://www.socialsecurity.gov/estimator). Maaari din kayong makakuha ng mga mas detalyadong pagkukuwenta sa [www.socialsecurity.gov/planners](http://www.socialsecurity.gov/planners).

### **Ang kakailanganin ninyo para mag-apply**

Kapag mag-a-apply kayo para sa mga benepisyo, hihilingin namin sa inyong magbigay ng ilang partikular na dokumento. Ang mga dokumentong kakailanganin ninyo ay depende sa uri ng mga benepisyo kung saan kayo mag-a-apply. Ang pagbigay kaagad ng mga dokumentong ito sa amin ay makakatulong sa aming ibayad ang inyong mga benepisyo nang mas mabilis. Dapat kayong magbigay ng mga orihinal na dokumento o mga kopyang nasertipikahan ng nag-isyung tanggapan — hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy.

Huwag ipagpaliban ang paghain ng aplikasyon dahil lang hindi pa ninyo kumpleto ang lahat ng dokumentong kailangan ninyo. Tutulungan namin kayong makuha ang mga iyon.

Ang ilang dokumentong maaaring kailanganin ninyo kapag magsa-sign up kayo para sa Social Security ay:

- Ang inyong Social Security card (o isang tala ng inyong numero);
- Ang inyong birth certificate;
- Ang mga birth certificate at Social Security number ng inyong mga anak (kung nag-a-apply kayo para sa kanila);
- Patunay ng pagiging mamamayan ng U.S. o immigration status na naaayon sa batas kung kayo (o ang isang anak) ay hindi ipinanganak sa United States;
- Ang birth certificate at Social Security number ng inyong asawa kung mag-a-apply siya para sa mga benepisyo batay sa inyong mga kita;
- Ang inyong marriage certificate (kung magsa-sign up sa mga kita ng asawa o kung magsa-sign up ang asawa ninyo sa inyong mga kita);

- Ang inyong mga papeles sa pag-alis sa tungkulin sa militar kung nanilbihan kayo sa militar; at
- Ang inyong pinakabagong W-2 form, o ang tax return ninyo, kung kayo ay self-employed.

Ipapaalam namin sa inyo kung kailangan ninyo ng iba pang dokumento kapag mag-a-apply kayo.

### **Paano namin ibinabayad ang mga benepisyo**

Dapat ninyong matanggap ang inyong mga pagbabayad mula sa Social Security sa elektronikong paraan. Isa sa mga paraang maaari ninyong piliin upang matanggap ang inyong mga benepisyo ay sa pamamagitan ng direktang pagdeposito sa inyong account sa isang pinansyal na institusyon. Ang direktang pagdeposito ay isang simple at secure na paraan upang matanggap ang inyong mga bayad. Tiyaking dala ninyo ang inyong checkbook o account statement kapag mag-a-apply kayo. Kakailanganin namin ang impormasyong iyon, pati ang routing number ng inyong pinansyal na institusyon, upang tiyaking mapupunta ang deposito ng inyong buwanang benepisyo sa tamang account.

Kung wala kayong account sa isang pinansyal na institusyon, o kung gusto ninyong matanggap ang inyong mga benepisyo sa isang prepaid debit card, maaari kayong mag-sign up para sa card program na Direct Express®. Sa Direct Express®, direktang napupunta sa card account ang mga pagbabayad. Ang isa pang paraan ng pagbabayad na maaari ninyong piliin ay ang paggamit ng account para sa elektronikong paglipat. Sa pamamagitan ng abot-kaya at may insurance mula sa pederal na pamahalaan na account na ito, mae-enjoy ninyo ang seguridad at pagiging madaling gamitin ng mga awtomatikong pagbabayad.

## Programa ng Supplemental Security Income (SSI)

Kung makakatanggap kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security, ngunit limitado ang inyong kita at mga mapagkukunan (mga bagay na pagmamay-ari ninyo), maaaring makatulong ang SSI. Nagmumula ang pagpopondo ng SSI sa mga pangkalahatang kita, hindi lang sa mga buwis sa Social Security.

Buwanang nagbabayad ang SSI sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda o bulag o may kapansanan. Hindi namin bibilangin ang ilang bahagi ng inyong kita at ilang mapagkukunan ninyo kapag magpapasya kami kung kwalipikado kayo para sa SSI. Halimbawa, karaniwang hindi binibilang ang inyong bahay at kotse bilang mga mapagkukunan.

Upang mag-apply para sa SSI, maaari ninyong simulan ang proseso at — sa ilang kaso — kumpletuhin ang malaking bahagi o kabuuan ng inyong aplikasyon online sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa [www.socialsecurity.gov/applyforbenefits](http://www.socialsecurity.gov/applyforbenefits). Maaari din ninyo kaming tawagan nang toll-free sa **1-800-772-1213** upang magtakda ng appointment na personal o sa telepono kasama ang isang kinatawan mula sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security.

## Karapatang mag-apela

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang pagpapasya sa inyong claim, maaari ninyo itong iapela. Para sa isang halimbawa ng mga hakbang na maaari ninyong gawin, basahin ang *The Appeals Process* (Publication No. 05-10041-TL).

Magagawa ninyong ituloy ang sarili niyong apela sa tulong ng Social Security, o maaari ninyong piliin na tulungan kayo ng isang kinatawan. Maaari namin kayong bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyong makakatulong sa inyo sa paghahanap ng kinatawan. Para

sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpili ng kinatawan, basahin ang *Your Right to Representation* (Publication No. 05-10075-TL).

## Online na “my Social Security” account

Madali na kayong makakapag-set up ng secure na online na *my Social Security* account upang ma-access ang inyong *Social Security Statement* para tingnan ang mga kita ninyo at makuha ang mga pagtatantya sa inyong benepisyo. Maaari din niyong magamit ang inyong online na *my Social Security* account upang humiling ng kapalit na Social Security number card (available sa ilang estado at sa District of Columbia). Kung kasalukuyan kayong nakakatanggap ng mga benepisyo, magagawa din ninyong:

- Kunin ang verification letter ng inyong benepisyo;
- Palitan ang inyong address at numero ng telepono;
- Humiling ng kapalit na Medicare card;
- Humiling ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa panahon ng pagbubuwis; o
- Simulan o baguhin ang inyong direktang pagdeposito.

Maaari kayong gumawa ng *my Social Security* account kung kayo ay 18 taong gulang o mas matanda, may Social Security number, valid na email, at mga mail address sa U.S. Upang gumawa ng account, pumunta sa [www.socialsecurity.gov/myaccount](http://www.socialsecurity.gov/myaccount). Kakailanganin din ninyong magbigay ng ilang personal na impormasyon upang kumpirmahin ang inyong pagkakakilanlan, at pagkatapos ay pumili ng username at password.

## Medicare

Ang Medicare ang batayang programa ng health insurance ng ating bansa para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda at para sa maraming taong may mga kapansanan.

Hindi kayo dapat malito sa pagitan ng Medicare at Medicaid. Ang Medicaid ay isang programang pangkalusugan para sa mga taong may mababang kita at mga limitadong mapagkukunan. Mga tanggapan pangkalusugan ng estado at serbisyong pangmamamayan o mga ahensya ng mga serbisyong panlipunan at nagpapatakbo sa programa ng Medicaid. Kwalipikado ang ilang tao sa iisang programa lang, samantalang kwalipikado ang iba pa sa parehong Medicare at Medicaid.

### **May apat na bahagi ang Medicare**

- Tumutulong ang Part A ng Medicare (insurance sa ospital) sa pangangalaga sa ospital ng inpatient at ilang partikular na follow-up na serbisyo.
- Tumutulong ang Part B ng Medicare (medikal na insurance) sa pagbabayad para sa mga serbisyo ng mga doktor, pangangalaga sa ospital ng outpatient, at iba pang medikal na serbisyo.
- Available ang Part C ng Medicare (mga Medicare Advantage plan) sa maraming lugar. Maaaring piliin ng mga taong may Part A at B ng Medicare na matanggap ang lahat ng kanilang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng isang pribadong kumpanya ng insurance na inaprubahan ng Medicare upang ibigay ang saklaw na ito.
- Tumutulong ang Part D ng Medicare (saklaw sa inireresetang gamot ng Medicare) sa pagsaklaw sa halaga ng mga inireresetang gamot.

### **Sino ang kwalipikado para sa Part A ng Medicare?**

Maraming tao ang nakakatanggap ng Part A sa pagtungtong nila sa edad na 65. Awtomatiko kayong magiging kwalipikado para rito kung kwalipikado kayo para sa mga benepisyo mula sa Social Security o Railroad Retirement Board. O, maaari kayong maging kwalipikado batay sa trabaho ng inyong asawa (maging ng

diborsyadong asawa). Nagiging kwalipikado ang iba dahil mga empleyado sila ng pamahalaan na hindi nasasaklawan ng Social Security na nagbayad ng buwis sa Medicare.

Kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo para sa may kapansanan mula sa Social Security sa loob ng 24 na buwan, magiging kwalipikado kayo para sa Part A.

Kung nakakatanggap kayo ng ma benepisyo para sa may kapansanan mula sa Social Security dahil mayroon kayong amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi ninyo kailangang maghintay nang 24 na buwan upang maging kwalipikado.

Kwalipikado rin para sa Part A ang isang taong may permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o pag-transplant ng bato, kung sapat na ang tagal ng kaniyang pagtatrabaho, o kung asawa o anak siya ng isang manggagawang kwalipikado.

Kung hindi ninyo natutugunan ang mga kinakailangang ito, maaari kayong makakuha ng insurance sa ospital ng Medicare sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwanang premium. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa aming toll-free na numero o bisitahin ang aming website.

Ang ilang partikular na taong nalantad sa mga panganib sa kalusugan mula sa kalikasan ay may karapatan sa Part A at maaari silang magpatala sa Part B at Part D. Ang mga taong ito ay may sakit na nauugnay sa asbestos at nasa Lincoln County, Montana sa loob ng hindi bababa sa 6 na buwan sa loob ng 10 taon o higit pa bago ang diagnosis.

### **Sino ang kwalipikado para sa Part B ng Medicare?**

Maaaring makatanggap ng Part B ang halos lahat ng taong kwalipikado para sa Part A. Ang Part B ay opsyonal at karaniwang may dapat kayong bayarang buwanang premium. Para sa taong 2018, ang pamantayang buwanang premium ay \$134.00. Ang ilang taong may mas malalaking kita ay nagbabayad ng mas matataas na premium.

## Sino ang makakatanggap ng Part C ng Medicare?

Maaaring sumali ang sinumang taong may Part A at Part B ng Medicare sa isang Medicare Advantage plan. Kabilang sa mga Medicare Advantage plan ang:

- Mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medicare
- Mga Medicare preferred provider organization (PPO) plan
- Mga pribadong plano na may bayad kada serbisyo ng Medicare
- Mga planong may pinagtutuunang espesyalidad ng Medicare

Bilang karagdagan sa premium ng inyong Part B ng Medicare, maaaring kailanganin niyong magbayad ng isa pang buwanang premium dahil sa mga karagdagang benepisyo na iniaalok ng Medicare Advantage plan.

## Sino ang makakatanggap ng Part D ng Medicare?

Ang sinumang may Part A ng Medicare o Part B ng Medicare ay kwalipikado para sa pagsaklaw sa inireresetang gamot. Opsyonal ang Part D ng Medicare, at magbabayad kayo ng karagdagang buwanang premium para sa pagsaklaw.

Ang ilang taong may mas malalaking kita ay nagbabayad ng mas matataas na premium. Maraming tao ang nakakatanggap ng saklaw ng Part D sa pamamagitan ng isang Medicare Advantage plan.

## Kailan dapat ako mag-apply para sa Medicare?

Kung hindi pa kayo nakakatanggap ng mga benepisyo, dapat kayong makipag-ugnayan sa Social Security nang humigit-kumulang tatlong buwan bago ang inyong ika-65 kaarawan upang mag-sign up para sa Medicare. Dapat kayong mag-sign up para sa Medicare kahit na hindi ninyo planong magretiro sa edad na 65.

Kung nakakatanggap na kayo ng mga benepisyo mula sa Social Security o mga pagbabayad mula sa Railroad Retirement

Board, makikipag-ugnayan kami sa inyo ilang buwan bago kayo maging kwalipikado para sa Medicare at padadalhan namin kayo ng impormasyon. Kung nakatira kayo sa isa sa 50 estado, Washington, D.C., Northern Mariana Islands, Guam, American Samoa, o sa U.S. Virgin Islands, awtomatiko namin kayong ipapatala sa Part A at B ng Medicare. Gayunpaman, dahil dapat kayong magbayad ng premium para sa saklaw ng Part B, maaari ninyong piliing tanggihan ito.

**Hindi** namin kayo awtomatikong ipapatala sa isang plano sa inireresetang gamot ng Medicare (Part D). Ang Part D ay opsyonal at dapat ninyong piliin ang saklaw na ito. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang website o tawagan ang toll-free na numerong nakalista sa ibaba.

<b>Medicare</b>	Website: <b><a href="http://www.Medicare.gov">www.Medicare.gov</a></b>
	Toll-free na numero: <b>1-800-MEDICARE</b> <b>(1-800-633-4227)</b>
	TTY na numero: <b>1-877-486-2048</b>

**MGA PAALALA:** Kung hindi kayo magpapatala sa Part B at Part D sa unang pagkakataong maging kwalipikado kayo, maaari kayong magbayad ng penalty para sa huling pagpapatala hangga't mayroon kayong saklaw ng Part B at Part D. Bukod dito, kakailanganin niyong maghintay upang magpatala, na makakapag-antala sa saklaw.

Ang mga residente ng Puerto Rico o mga dayuhang bansa ay awtomatikong nakakatanggap ng Part B. Dapat nilang piliin ang benepisyong ito. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang Medicare (Publication No. 05-10043-TL).

## Kung mayroon kayong Health Savings Account (HSA)

Kung mayroon kayong HSA kapag nag-sign up kayo para sa Medicare, hindi kayo makakapag-ambag sa inyong HSA sa sandaling

magsimula ang inyong saklaw ng Medicare. Kung magdaragdag kayo sa inyong HSA pagkatapos magsimula ng inyong saklaw sa Medicare, maaaring kailanganin ninyong magbayad ng penalty sa buwis. Kung gusto ninyong magpatuloy sa pag-aambag sa inyong HSA, hindi dapat kayo mag-apply para sa mga benepisyo mula sa Medicare, Social Security, o Railroad Retirement Board (RRB).

**TANDAAN:** *Magsisimula ang walang premium na saklaw ng Part A nang 6 na buwan bago ang petsa kung kailan kayo nag-apply para sa Medicare (o mga benepisyo mula sa Social Security/RRB), ngunit hindi mas maaga sa unang buwan na naging kwalipikado kayo para sa Medicare. Upang maiwasan ang penalty sa buwis, dapat kayong huminto sa pag-aambag sa inyong HSA nang hindi bababa sa 6 na buwan bago kayo mag-apply para sa Medicare.*

### **“Extra Help” sa mga gastos sa inireresetang gamot ng Medicare**

Kung limitado ang inyong kita at mga mapagkukunan, maaari kayong maging kwalipikado para sa Extra Help upang mabayaran ang inyong mga inireresetang gamot sa ilalim ng Part D ng Medicare. Tungkulin ng Social Security na tulungan kayong maunawaan kung paano kayo magiging kwalipikado at iproseso ang inyong aplikasyon para sa Extra Help. Upang malaman kung kwalipikado kayo o upang mag-apply, tumawag sa toll-free na numero ng Social Security o bumisita sa [www.socialsecurity.gov/extrahelp](http://www.socialsecurity.gov/extrahelp).

### **Tulong sa iba pang gastos sa Medicare**

Kung mayroon kayong limitadong kita at kaunting mapagkukunan, maaaring bayaran ng inyong estado ang mga premium ng Medicare ninyo at, sa ilang pagkakataon, iba pang medikal na gastusing “galing sa sariling bulsa,” gaya ng mga deductible at coinsurance.

Ang inyong estado lang ang makakapagpasya kung kwalipikado kayo para sa tulong sa ilalim ng programang ito. Kung kwalipikado kayo sa inyong palagay, makipag-ugnayan

sa inyong tanggapan ng Medicaid, mga serbisyong panlipunan, o serbisyong pangkalusugan at pangmamamayan. Bumisita sa [www.Medicare.gov/contacts](http://www.Medicare.gov/contacts) o tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227; TTY: 1-877-486-2048)** upang makuha ang kanilang numero.

## **Ilang impormasyon tungkol sa Social Security**

### **Mga buwis sa Social Security sa 2018**

- Magbabayad kayo ng 6.2 porsyento at magbabayad ang inyong employer ng 6.2 porsyento.
- Kung kayo ay self-employed, magbabayad kayo ng 12.4 porsyento.
- Hindi kayo magbabayad ng mga buwis sa Social Security sa mga kitang mas malaki sa \$128,400.

### **Mga buwis sa Medicare sa 2018**

- Kayo at ang inyong employer ay parehong magbabayad ng 1.45 porsyento.
- Kung kayo ay self-employed, magbabayad kayo ng 2.9 porsyento.
- Ibinabayad ang mga buwis sa Medicare sa lahat ng inyong kita; wala itong limitasyon.
- Mayroong karagdagang buwis sa Medicare para sa mga manggagawang mas mataas ang kita.

### **Mga credit ng trabaho sa 2018**

- Para sa bawat \$1,320 na kikitain ninyo, makakatanggap kayo ng isang Social Security “credit,” hanggang apat bawat taon.
- Kailangan ng karamihan sa mga tao ng 40 credit upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo para sa retirado.
- Nangangailangan ang mga mas batang indibidwal ng mas kaunting credit para maging kwalipikado sila para sa mga benepisyo para sa may kapansanan o para

maging kwalipikado ang kanilang mga kapamilya para sa mga benepisyo para sa mga namatayan.

### **Mga average na buwanang benepisyo mula sa Social Security sa 2018**

- Retiradong manggagawa: \$1,404
- Retiradong manggagawa na may matandang asawa: \$2,340
- Manggagawang may kapansanan: \$1,197
- Manggagawang may kapansanan na may batang asawa at isa o higit pang anak: \$2,054
- Matandang biyuda o biyudo: \$1,338
- Batang biyuda o biyudo na may dalawang anak: \$2,743

### **Mga buwanag rate ng pagbabayad mula sa SSI sa 2018**

(hindi kabilang ang suplemento ng estado, kung mayroon man)

- \$750 para sa isang indibidwal
- \$1,125 para sa mag-asawa

### **Pakikipag-ugnayan sa Social Security**

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### **Bumisita sa aming website**

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa **[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)**. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### **Tumawag sa amin**

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa

dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today  
and tomorrow

**Social Security Administration**  
Publication No. 05-10024-TL | January 2018  
Pag-unawa sa Mga Benepisyo  
Understanding the Benefits (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense  
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito